Red Deer Catholic Regional Schools
Inspired by Christ. Aspiring to Excellence.

Hulyo 29, 2013

Mga Pagbabago sa Paghahatid ng mga Mag-aaral sa Pre-Kindergarten, Kindergarten at Unang Grado

Minamahal na Magulang:

Ang Red Deer Catholic Regional School Division bilang kumikilala sa isang responsible at ligtas na kapaligiran para sa kapakanan ng mga mag-aaral ay humihingi ng suporta sa lahat ng miyembro ng komunidad sa paaralan. Ang transportasyon bilang bahagi ng komunidad na ito ay nakatuon sa pagbibigay ng isang ligtas na kapaligiran sa pagsundo at paghahatid ng mga mag-aaral.

Pakitandaan na aming binago ang *Administratibong Pamamaraan Bilang 340*: *Transportasyon ng mga Mag-aaral Patungo at Pag-alis sa Paaralan* ng **Pre-Kindergarten, Kindergarten at Unang Grado**.

a. Walang mag-aaral sa Pre-Kindergarten, Kindergarten at Unang Grado ang ibababa ng bus driver sa nakatakdang hintuan kung walang aprubadong susundo (magulang/ tagasubaybay/ nakatatandang kapatid/ taga-bantay/ kapitbahay) na nakaabang sa kanila upang matiyak ang kaligtasan ng nasabing mag-aaral, maliban na lamang kung gagawa ng kasulatan ang magulang sa principal na nagsasaad ng kanilang pahintulot upang gawin ito.
b. Kapag walang sinuman ang naroon sa hintuan, ang driver ay inaatasang:
    i. panatilihin ang bata sa loob ng bus,
    ii. ipaalam sa Transportation Dispatch na ang bata ay nasa loob pa rin ng bus,
    iii. kumpletuhin ang kanilang paghahatid sa iba pang bata, at,
    iv. dalhin ang batang walang sundo sa **Child Care Center** sa **3829-39 Street, telepono bilang (403) 596-9787** (Red Deer Child Care building at Maryview School) kung hindi pa rin nakakausap ang magulang.

    *Kung puno na sa Child Care Center, ang mag-aaral ay dadalhin sa Transportation Department sa 133, 37428 Range Road 273 (403-309-8801)).
c. Ang Transportation Dispatch ay ipapaalam sa magulang, paaralan, at sa Child Care Center matapos kumpirmahin ng bus driver na walang sumundo sa mag-aaral sa hintuan ng bus at ang bata ay nasa bus pa rin.
d. Ang driver ng bus, kaugnay ng administrasyon ng paaralan ay magkatulong na kikilalanin ang mag-aaral na walang sundo. Sa kasalukuyan kami ay naglalayong bigyan ng matingkad na etiketa ang mga mag-aaral na hindi maaaring iwan sa hintuan ng bus; na nakasulat doon ang pangalan ng mga mag-aaral sa Pre-Kindergarten, Kindergarten at Unang Grado at ito ay ikakabit sa likod ng kanilang bag. Kapag naiwala ang etiketang ito, maaaring tumawag sa opisina ng paaralan upang ito ay mapalitan.

Maaari lamang na pakisagutan ang form at ito ay ibigay sa inyong guro sa simula ng school year na ito. Salamat sa inyong pag-suporta sa pananatili ng kaligtasan ng ating mga mag-aaral. Kung mayroon kayong katanungan, o alalahanin sa mga pagbabagong ito, pakiusap na tumawag sa administrasyon ng inyong paaralan.

Sumasainyo,

Kathleen Finnigan
Associate Superintendent of Student Services

Ken Jaeger
Supervisor of Support Services

Montfort Centre, 5210 61 Street, Red Deer, Alberta T4N 6N8
T. 403.343.1055 F. 403.347.6410 W. www.rdcrs.ca